# Set Apart

## Banal ang Diyos

**WEEK 1**

### WARM-UP

- Ikaw ba ang klase ng taong itinitira sa dulo kung ano ang pinakanagustuhan niya? Magbahagi ng pagkakataong nagpapakita nito.
- Pangalanan ang isang taong pinagkakatiwalaan mo kapag may mga itinatama siya sa buhay mo. Bakit mo siya pinagkakatiwalaan?
- Magkwento tungkol sa isang pagkakataon na nakatanggap ka ng awa sa halip na kaparusahan.

### WORD

*8 Ibigay ninyo sa PANGINOON ang mga papuring nararapat sa kanya. Magdala kayo ng mga handog at pumunta sa templo. 9 Sambahin ninyo ang kabanalan ng PANGINOON. Matakot kayo sa kanya, kayong lahat ng nasa sanlibutan.*

**SALMO 96:8–9**

(Basahin din ang **SALMO 96:1–7.**)

Ang isa sa karaniwang naririnig natin bilang mga Kristiyano ay tungkol sa kabanalan ng Diyos. Pero ano ba ang ibig sabihin ng kabanalan? Paano natin masasabing ang Diyos ay banal? Paano natin masasabing tayo ay banal? Mula sa orihinal na pagsasalin sa Hebreo, ang kabanalan ay “pagkakahiwalay,” o “kasagraduhan”—isang bagay na may pinaglaanan, naiiba sa lahat. Sa kasulatan, makikita natin ang dalawang aspeto ng kabanalan ng Diyos: ang Kanyang kabutihan at kadakilaan. Ngayong araw, pag-uusapan natin ang kabanalan ng Diyos (ang Kanyang kabutihan at kadakilaan) at kung ano ang ibig sabihin nito para sa ating personal na kabanalan.

## 1 Ang Diyos ay banal sa Kanyang kabutihan.

*[2]Awitan ninyo ang PANGINOON at purihin ang kanyang pangalan. Ipahayag ninyo sa bawat araw ang tungkol sa pagligtas niya sa atin. [3]Ipahayag ninyo sa lahat ng mamamayan sa mga bansa ang kanyang kapangyarihan at mga kahanga-hangang gawa.* **SALMO 96:2–3**

(Basahin din ang **EXODUS 33:18–19; 34:6–7.**)

Ang isang aspeto ng kabanalan ng Diyos ay ang Kanyang kabutihan. Nang hilingin ni Moises sa Diyos na ipakita ang Kanyang makapangyarihang presensya, tumugon ang Diyos sa pamamagitan ng pagpapakita ng Kanyang *kabutihan* (Exodus 33:18–19). Sa halip na ipakita lamang kay Moises ang Kanyang kalakasan at kapangyarihan, ipinakita ng Diyos ang Kanyang habag, biyaya, hustisya, pag-ibig, at katapatan. Ang kaluwalhatian at kabanalan ng Diyos ay makikita sa Kanyang kabutihan, sa pakikipag-ugnayan Niya sa atin. Sa kanyang kabutihan, Siya ay nakahihigit at naiiba sa anumang pisikal at espirituwal na nilalang. Paano mo naranasan ang kabutihan ng Diyos?

## 2 Ang Diyos ay banal sa Kanyang kadakilaan.

*[3]Ipahayag ninyo sa lahat ng mamamayan sa mga bansa ang kanyang kapangyarihan at mga kahanga-hangang gawa. [4]Dahil dakila ang PANGINOON, at karapat-dapat papurihan. Dapat siyang igalang ng higit sa lahat ng mga diyos, [5]dahil ang lahat ng diyos ng ibang mga bansa ay hindi tunay na mga diyos. Ang PANGINOON ang lumikha ng langit.* **SALMO 96:3–5**

Ang isa pang aspeto ng kabanalan ng Diyos ay ang Kanyang kadakilaan. Kung ang kabutihan Niya ay nagpapakita ng Kanyang pag-ibig at hustisya, ipinapakita naman ng kadakilaan

Niya na Siya ay mas nakahihigit sa lahat ng mga nilalang. Ang Diyos ay dakila at *karapat-dapat papurihan* dahil Siya lamang ang pinakamakapangyarihang Diyos, ang tanging Tagapaglikha na nagtataglay ng dakilang kapangyarihan. Walang katulad ang Diyos sa Kanyang kadakilaan, kapangyarihan, at gawa. Paano mo naranasan ang kadakilaan ng Diyos?

## 3 Ang Diyos ay banal, kung kaya't karapat-dapat Siyang tumanggap ng ating pagsamba.

8 *Ibigay ninyo sa Panginoon ang mga papuring nararapat sa kanya. Magdala kayo ng mga handog at pumunta sa templo.*
9 *Sambahin ninyo ang kabanalan ng Panginoon.*
*Matakot kayo sa kanya, kayong lahat ng nasa sanlibutan.*

**SALMO 96:8–9**

Ngayong nasulyapan natin ang kabanalan ng Diyos—ang walang kapantay Niyang kabutihan at kadakilaan—ipinapakita sa atin ng Kasulatan na ang nag-iisang nararapat na tugon sa kabanalan ng Diyos ay pagsamba. Ang pinakadakilang pagsambang maibibigay natin ay ang pagbibigay sa Kanya ng ating *mga sarili bilang mga handog na buhay, banal at kalugod-lugod sa kanya* (Mga Taga-Roma 12:1). Nangangahulugan ito ng pagsamba sa Diyos nang buong buhay natin—sa isipan, salita, at gawa. Ang Salmo 96 ay nag-uumapaw sa mga paglalarawan kung paano natin maipapahayag ang ating pagsamba sa Diyos. Ang pagkanta ay isang maliit na bahagi lamang nito. Ano ang sinasabi sa 1 Pedro 1:14–16 tungkol sa ating kabanalan at sa kabanalan ng Diyos?

## APPLICATION

- Paano naapektuhan ng pinag-usapan natin ngayon ang pananaw mo sa kabanalan? Paano natin masasabing tayo ay banal?
- May mga pagkakataon bang ang mga naiisip, salita, at kilos mo ay hindi nakakapagbigay ng karangalan sa Diyos? Paano makakatulong ang mga pinag-usapan ngayong araw para maiayon ang naiisip, salita, at kilos mo sa kabanalan ng Diyos?
- Sa paanong paraan mo naipapahayag ang pagsamba mo sa ating banal na Diyos? Ngayong alam mo na dapat nating ialay ang ating *mga sarili bilang mga handog na buhay, banal at kalugod-lugod* sa Diyos, ano ang iba pang mga paraan kung paano mo maipapahayag ang iyong pagsamba sa Diyos araw-araw?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos dahil Siya ay banal, at dahil dito, ikaw din ay maaaring maging banal. Ipanalangin ang biyaya upang maipamuhay mo ang kabanalang mayroon ka sa Kanya.
- Hingin sa Kanya ang disiplina na maalala at sambahin Siya araw-araw at ipamuhay ang iyong buhay bilang tugon sa Kanyang kabanalan.
- Isuko ang anumang kaisipan, salita, o kilos na mayroon ka na hindi nagbibigay ng pagsamba sa Diyos. Ipanalangin na magkaroon ka ng karunungan, biyaya, at pagtitiyagang mamuhay nang may kabanalan.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Ruth Gloria, Esther Suson

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.